

Pagbabayad ng Inyong Bayaran sa Telepono

Kadalasan na bawat buwan kayo ay nakakatanggap ng bayaran sa telepono. Maaring bayaran ito sa iba't ibang paraan:

- Sa koreo.
- Gamitin ang "internet" "online" sa pamamagitan ng "debit" o "credit card".
- Kusa at matuwid mula sa inyong "credit" o "account" sa bangko.
- Pumunta sa tindahan na may kapangyarihang tumanggap ng bayad na salapi.

Maaring hindi kayo makakatanggap ng bayarang papel sa koreo kung nagbabayad kayong "online" o kusa.

Ano ang nasa inyong bayaran sa telepono.

Muling suriin ang inyong bayaran bawat buwan upang matiyak na kayo ay sinisingil para sa mga serbisyo na ipinagbiling ninyo lamang. Kadalasan na ang mga impormasyon na nasa mga bayaran sa telepono ay mga ito:

- Ang inyong pansariling impormasyon: pangalan, tirahan, numero ng "account" (o numero ng telepono).
- Mga lagom ng mga halaga at mga binayaran sa nakaraang bayaran, ang halaga ng kasalukuyang utang, at kung kailan dapat babayaran ang bayaran.
- Impormasyon ng Kompanya: Sabihin ng seksiyon na ito kung paanong makipag-alam sa kompanya ng telepono kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong bayaran o mga serbisyo.
- Impormasyon ng CPUC at FCC: Sasabihin nito sa inyo kung paanong makipag-alam sa mga sangay na ito kung kailangan ninyo ang tulong sa paglutas ng isang sumbong ninyo.
- Mga Plano at Mga Serbisyo: Inilalarawan ng seksiyon na ito ang mga inyong serbisyo sa telepono

at ang mga halaga nito. Itinataala ang mga singil para sa mga tawag na lokal, "toll" at "long distance". Ipinapakita lahat ng mga tawag ninyo, kailan kayo tumawag, gaanong katagal kayo nagsalita, at ang singil sa bawat tawag.

- Mga singil ng mga ibang kompanya: Kung ibang kompanya ang may singil sa inyo sa tawag na "long distance" o mga ibang serbisyo, gaya ng mga "download", magkakaroon kayong mga ibang seksiyon para sa bawat kompanya na naninisingil. Makikita sa bawat seksiyon ang pangalan ng kompanya na may singil sa inyo at kung paano kayo makipag-alam sa kanila.
- "Stub" ng pagbabayad: Ipadala ang tseke ninyo na kalakip ng "stub" na ito kung ihinuhulog ninyo sa koreo ang pagbabayad.

Dagdag na Singil

Makikita din sa inyong bayaran ang mga dagdag na singil na kagaya ng mga sumusunod:

- Mga Pasimulang Singil: Itong mga singil na minsan para sa pag-umpisa o paglipat ng serbisyo.
- Mga bayad, buwis, at dagdag na singil: Ito ang mga sinisingil ng lahat ng mga kompanya ng telepono. Isang bayad, madalas tawagin na "Federal Subscriber Line Charge" ay nakakatulong sa pagbayad ng "network" sa telepono.
- Tulong sa direktoryo: Madalas na may singil ng mga kompanya ng telepono para sa paghahanap ng numero mula sa tulong sa direktoryo ("411").
- Mga singil sa "calling-card": May ilang mga kompanya ng telepono na nagbibigay ng mga sariling "calling card" na gagamitin ninyo kung tatawag kayo mula sa "pay phone" o sa mga ibang telepono. Isasama sa inyong bayaran ang mga singil na ito, at maaring mas mahal mga ito kaysa pagtawag na matuwid mula sa inyong telepono sa bahay.
- Singil sa labis na minuto: Kung ang serbisyo ninyo sa "landline" o sa "wireless" na telepono ay limitado, ipapakita ng bayaran ninyo ang mga singil dahil sa paglampas ninyo sa inyong "allowance".

Piliin ninyo ang mga Serbisyonagagamit

Madalas na ang mga kompanya ng telepono ay gumagawa ng mga alok na kagaya ng mga sumusunod:

- Mga Pakete: May ilang mga kompanya na nagbebenta sa inyo ng ilang mga serbisyo kagaya ng telepono, kable, "text messaging" at "internet" na pinagsamasama sa isang pakete. Maaring mabuti na bilihan ito kung gusto ninyo ang lahat ng serbisyo. Ngunit maaring lalong mabuti kung bumili kayo ng mas kaunting serbisyo sa regular na presyo.
- Mga opsyon sa Serbisyonagagamit "Basic": Pangkaraniwan na nagbibigay ng dalawang opsyon ang mga kompanya ng telepono na "landline" na pang-lokal:
 1. Hindi limitadong bilang ng tawag na libre sa loob ng isang pook na pang-lokal, na ang singil ay parepareho sa bawat buwan.
 2. Isang limitadong bilang ng mga libreng tawag na pang-lokal sa mababang presyo at may dagdag ang sisingilin sa inyo kung lalampas sa "limit" ang mga tawag ninyo. Makatitipid kayo sa serbisyonagagamit ito kung hindi marami ang mga tawag ninyo sa bawat buwan.
- Maraming mga kompanya na "wireless" na nag-aalok ng serbisyonagagamit binabayaran ng pauna, at bibili kayo ng mas marami nito kung naubos na ang inyong mga minuto. Maaring walang buwanang bayaran, o mas simple ang inyong bayaran, sa ganitong mga plano.

Bayaran ninyo ang inyong bayaran sa takdang petsa. Maaring may multa o puputulin ang inyong serbisyo sa telepono kung nahuli kayo sa pagbayad. Maiiwasan ang pagputul ng serbisyo sa inyong "landline" na telepono sa bahay kung babayaran ninyo kahit na ang halaga ng serbisyo sa "dial-tone" na "basic" lamang.



Unawain ang Inyong Bayaran sa Telepono




Ang mga bayaran sa telepono ay naglalaman ng maraming impormasyon at maaring mahirap maintindihan mga ito.

Anuman uri ng inyong serbisyo sa telepono, laging tandaan na:

- Mayroon kayong karapatan na unawain ang inyong bayaran sa telepono.
- Kung may bagay na hindi ninyo naintindihan, tawagan ang inyong kompanya at humingi ng paliwanag.

Bago kayo tumawag, basahin ang “brochure” na ito. Maaring narito ang mga sagot na kailangan ninyo.



 **calphoneinfo**
California's Consumer Education Initiative

www.calphoneinfo.com
1 (800) 649 7570 – “Hotline” ng CPUC

PARA SA KARAGDAGAN IMPORMASYON PUMUNTA SA:

www.cpuc.ca.gov
www.fcc.gov
www.ftc.gov

Kid Keypad © 2006 Charles Boyce - Compu-Toon Characters



Ako’y si “Keypad Kid” na naghahatid sa inyo ng *“Plain Talk Series”* tungkol sa impormasyon sa telepono!

Kung meron kayong di malutas na pagtatalo sa inyong kompanya ng telepono, maghain ng reklamo sa www.calphoneinfo.com o tumawag sa hotline ng CPUC sa 1(800) 649-7570

Understanding the Bill



Unawain ang Inyong Bayaran sa Telepono

 **calphoneinfo**
California's Consumer Education Initiative

Plain Talk Series

Tinatangkilik ng “California Public Utilities Commission” katulong ang mga kompanya ng telepono at mga organisasyong pang-komunidad.

www.calphoneinfo.com

Tagalog, Feb. 2008